# WANT MORE?

## Mahalin ang Diyos, Hindi ang Pera

**WEEK 1**

### WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa isa sa mga pinakamahal na bagay na binili mo. Ano ito at bakit mo ito binili?
- Kung may kakayahan kang bumili ng kahit na anong bagay para sa isang minamahal, ano ang bibilhin mo at bakit?
- Naranasan mo na bang tumanggi sa isang pagkakataon na kumita ng malaki? Ano ang nangyari?

### WORD

*Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ang siyang ugat ng lahat ng kasamaan. Ang sobrang paghahangad ng salapi ang nagtulak sa iba na tumalikod sa pananampalataya at nagdulot ng maraming paghihinagpis sa buhay nila.*

**1 TIMOTEO 6:10**

Madalas ay nasasabi ng mga tao na ang pera ay masama. Ngunit hindi ito ang sinasabi ng Kasulatan. Sa katunayan, maaari nating magamit ang pera upang gumawa ng kabutihan. Magagamit natin ito upang mabili ang ating mga pangangailangan, matulungan ang ating kaibigan o kapitbahay na humaharap sa isang pagsubok, o kaya ay makapagpadala ng mga misyonaryo sa iba't ibang bahagi ng mundo upang maipahayag ang Salita ng Diyos. Ang pera, o salapi, ay maituturing na isang kagamitan. Subalit, malinaw na sinasabi sa Kasulatan na ang *pag-ibig sa salapi ang siyang ugat ng lahat ng kasamaan.* Ang paghahangad ng maraming salapi ang magdudulot ng *maraming paghihinagpis sa buhay.* Maaari tayong mahikayat na ipagpalit ang layunin ng Diyos sa pakinabang sa pananalapi. Dahil sa ang pag-ibig sa salapi ay isang kondisyon ng ating puso, hindi ito madaling makita sa ating mga sarili. Ngayon, titignan natin ang tatlong mga katanungan na makakatulong upang makita natin kung may pag-ibig sa pananalapi sa ating mga puso.

## 1 Saan ka nakokontento?

*Kaya kung mayroon na tayong pagkain at pananamit, dapat na tayong makontento.* **1 TIMOTEO 6:8**

(Basahin din ang **1 TIMOTEO 6:6,7.**)

Sa Mga Taga-Filipos 4:11, sinabi ni Apostol Pablo na natutunan niya ang maging kontento sa anumang sitwasyon. Ang pagiging kontento ay hindi naaayon sa anumang mayroon tayo o sa ating sitwasyon sa buhay. Tulad ni Pablo, maaari tayong maging kontento sa oras man ng kalabisan o oras ng kakulangan. Maaaring ang mayroon lamang tayo ay ang ating pangunahing mga pangangailangan—*pagkain at pananamit*—at maging kontento sa mga ito. Ang pagiging kontento ang makapipigil sa atin na laging maghangad ng mas marami pa. Dala nito ang pagkakaunawa na dahil wala tayong dinala sa mundong ito, *wala rin tayong madadala pag-alis dito*. Ayon sa Mga Hebreo 13:5, bakit magagawa nating maging malaya sa pag-ibig sa pananalapi at maging kontento anuman ang mayroon tayo?

## 2 Ano ang hinahangad mo?

*[9]Ang mga taong naghahangad yumaman ay nahuhulog sa tukso, sa isang bitag ng mapanira at walang kabuluhang mga hangarin na nagdadala sa kanila sa kapahamakan. [10]Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ang siyang ugat ng lahat ng kasamaan.*
**1 TIMOTEO 6:9,10**

Malinaw na sinasabi sa Kasulatan na ang paghahangad na yumaman ay maaaring magdala sa atin sa pagkahulog sa tukso. Nagdudulot ito ng pagiging makasarili at nagpapalaki ng mga *mapanira at walang kabuluhang mga hangarin* sa ating mga puso. Ang pagkakaroon ng mga simpleng bagay sa buhay ay hindi nangangahulugan na ninanais natin ang Diyos nang higit sa lahat. Tulad nito, ang pagkakaroon ng maraming yaman ay hindi nangangahulugan na tayo ay magiging kuntento. Anuman ang ating pinansyal na katayuan sa buhay, tayo ay maaaring makagawa ng mga desisyon na magdadala sa atin sa kapahamakan. Magbahagi ng isang pagkakataon kung saan

hiniling mo sa Diyos na ipakita sa iyo ang nilalaman ng puso mo bago ka nagpasya tungkol sa isang sitwasyon na may kinalaman sa pera. Ano ang nangyari?

## 3 Ano ang pinagsusumikapan mong makamtan?

*Ngunit ikaw, bilang lingkod ng Diyos, iwasan mo ang mga bagay na iyan. Sikapin mong mamuhay nang matuwid, banal, may matibay na pananampalataya, mapagmahal, mapagtiis at mabait sa kapwa.* **1 TIMOTEO 6:11**

Ang pagiging matuwid ay matatagpuan lamang kay Jesus at makakamit natin ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Kung tayo ay nakatuon kay Cristo, makikita natin ang tunay na kasiyahan at pagiging kontento dahil ibinibigay Niya ang lahat ng ating pangangailangan, lalo na ang pinakamahalaga nating pangangailangan—ang kaligtasan. Dahil dito, sinisikap nating mamuhay nang matuwid at hindi puno ng pag-ibig sa salapi. Makatutuon na tayo sa pamumuhay nang matuwid at magagawa natin ito sa larangan ng pananalapi kung hahayaan natin ang Diyos na gamitin kung ano ang mayroon tayo para sa Kanyang layunin. Ayon sa Mateo 6:24, bakit hindi natin maaaring sabay na paglingkuran ang Diyos at ang kayamanan?

## APPLICATION

- Kailan ang huling pagkakataon na naramdaman mong hindi ka kontento sa bagay na mayroon ka? Ano ang pagiging kontento para sa iyo? Ano ang maaari mong gawin upang maging kontento sa oras man ng kalabisan o kakulangan?
- Paano mo maiiwasan ang gumawa ng mga desisyon tungkol sa pananalapi na ikapapahamak mo? Sino ang maaaring makatulong sa iyo sa paggawa ng mabubuting desisyon? Mangakong hihingi ka ng tulong tuwing kailangan mo ng tulong.
- Bilang mga mananampalataya, maaari nating gamitin ang ating salapi o pera para sa layunin ng Diyos. Ano ang sinasabi ng Diyos na gawin mo sa iyong salapi?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kakayahan na maging kontento sa anumang sitwasyon. Ipanalangin na lagi mong mamahalin ang Diyos nang higit pa sa anumang bagay sa buhay mo.
- Hingin sa Diyos ang karunungan upang makagawa ka ng mga mabubuting desisyon at makapamuhay sa Kanyang katuwiran. Ipanalangin na lagi mong pipiliin ang mga layunin ng Diyos sa buhay mo at hindi ang pagkakaroon ng mas maraming pera.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang ibahagi ang ginawa ng Diyos para sa iyo at kung paano ka Niya tinutulungan na gawin ang kagustuhan Niya sa buhay mo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph